Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Kabite
Bayan ng Heneral Trias

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG HENERAL TRIAS, KABITE NA GINANAP NOONG IKA-25 NG ENERO, 2001 SA SESSION HALL NG BAHAY PAMAHALAAN.

MGA DUMALO:

Kgg. Francisco B. Grepo .......................... Pang. Punong Bayan/Tagapangulo
Kgg. Felix A. Grepo .......................... Kagawad/Majority Floor Leader
Kgg. Amelia P. Madrona .......................... Kagawad
Kgg. Armando D. Magsino .......................... Kagawad
Kgg. Teodoro G. Grepo .......................... Kagawad
Kgg. Hernando M. Granados .......................... Kagawad
Kgg. Bayani B. Parin .......................... Kagawad/ABC President
Kgg. Vivien L. Lujero .......................... Kagawad/SKF President

MGA DI DUMALO:

Kgg. Carmelito B. Nocon .......................... Kagawad/Asst. Majority Floor Leader
Kgg. Flaviano P. Satsatin .......................... Kagawad
Kgg. Arturo P. Tacos .......................... Kagawad/Minority Floor Leader

**KAPASIYAHAN BLG. 04-2001**

ISANG KAPASIYAHAN NA NAGTATAKDA NG ISANG KAUTUSANG PAMBAYAN UKOL SA TAMANG PAGSASAKAY, PAGBABABA NG MGA PASAHERO AT PAGPAPARADA NG MGA TRICYCLE DRIVERS SA LOOB NG BAGONG PALENGKE.

SAPAGKA'T, nagpulong ang lahat ng namumuno sa bawa't asosasyon (TODA) kasama ang Komite ng Transportasyon ng Sangguniang Bayan;

SAPAGKA'T, sa pulong ay napagkaisahan ng lahat at hiniling na magtakda ang Sangguniang Bayan ng isang kautusan ukol sa wastong pagsasakay, pagbababa ng mga pasahero at pagpaparada ng lahat ng tricycle driver na ang lumabag sa kautusang ito ay may ipapataw na kaukulang multa;

SAPAGKA'T, gumawa ng kasulatan ng pagsang-ayon ang lahat ng namumuno na nilagdaan nila na ipapatupad nila sa bawa't miyembro ng kani-kanilang asosasyon ang gagawin Kautusang Pambayan;

Kung kaya't iminungkahi ni Kag. Teodoro G. Grepo na pinangalawahan ni Kag. Armando D. Magsino, na

PAGTIBAYIN, at dapat na pagtibayin, na gumawa ng isang kautusan na nagtatakda ng tamang pagsasakay, pagbababa ng mga pasahero at pagparada ng tricycle sa loob ng bagong palengke at pagpapataw ng kaukulang multa sa sinomang lumabag dito.

**KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 01-2001**

ISANG KAUTUSAN NA NAGBABAWAL SA LAHAT NG TRICYCLE DRIVER NA PUMARADA, MAGSAKAY AT MAGBABA NG PASAHERO SA HINDI NILA TAMANG PARADAHAN AT MAGSAKAY NG PASAHERO SA HINDI NILA RUTA AT PAGPAPATAW NG KAUKULANG MULTA SA SINOMANG LALABAG DITO.

Isinabatas ng Sangguniang Bayan ng Heneral Trias, Kabite, na

TEODORO G GREPO
VIVIEN L. LUJERO
ARMANDO D. MAGSINO
BAYANI B. PARIN
AMELIA P. MADRONA
HERNANDO M. GRANADOS
FELIX A. GREPO

PANGKAT I - Mahigpit na ipinagbabawal sa mga tricycle driver ang pumarada sa hindi nila tamang paradahan at magsakay ng pasahero sa hindi nila ruta sa loob ng bagong palengke at may multang P100.00 ang mahuli na lumabag dito.

PANGKAT II - Pagbabawal sa lahat ng tricycle driver na magbaba at magsakay ng pasahero sa hindi nila paradahan sa loob ng bagong palengke ay may kaukulang multa na P100.00 ang mahuli na lalabag dito.

PANGKAT III - Ang kautusang ito ay magkakabisa sa ika-1 ng Marso 2001.

PINAGTIBAY - ENERO 25, 2001.

FRANCISCO B. GREPO
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

FELIX A. GREPO
Kagawad

AMELIA P. MADRONA
Kagawad

ARMANDO D. MAGSINO
Kagawad

TEODORO G. GREPO
Kagawad

HERNANDO M. GRANADOS
Kagawad

BAYANI B. PARIN
Kagawad/ABC Pres.

VIVIEN L. LUJERO
Kagawad/SKF Pres.

PINATOTOHANAN:

GENER L. CAYETANO
Punong Tagapangasiwa

PINAGTIBAY:

DENCITO P. CAMPAÑA
Punong Bayan

June 20, 2001
Date